大阪府
Osaka Prefectural Government

Tagalog

フィリピノ語

# Patnubay na Aklat para sa paghahanda sa pagpasok sa mababang paaralan

Mga paraan upang makapasok sa paaralan ng bansang Hapon ang inyong anak

Para sa lahat ng Balikbayan, Dayuhan at mga Magulang nito

Lupon ng Edukasyon ng Osaka Fu

## Mga nilalaman ng aklat patnubay para sa paghahanda sa pagpasok ng mababang paaralan.

1. Hinggil sa Sistema ng paaralan sa bansang Hapon・・・・・・・・・・・1

2. Mga prosesong gagawin bago makapasok sa mababang paaralan ・3

3. Buhay sa loob ng paaralan ng bansang Hapon ・・・・・・・・・・・・4

（１） **Ang daloy ng mga kaganapan sa paaralan sa loob ng isang araw** ・・4

（２） Ang anyo ng silid aralan ・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 6

（３） Mga guro sa paaralan ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 7

（４） Mga aralin/asignatura (subject) na pag aaralan ・・・・・・・ 8

（５） Mga okasyon na gaganapin sa loob ng isang taon ・・・・・・・9

（６） Mga regulasyon sa loob ng paaralan ・・・・・・・・・・・・ 11

４． Tungkol sa mga bayarin o matrikula sa paaralan ・・・・・・・・・ 12

５． Mga kailangang ihanda ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 13

# Paunang Salita

Dumarami ang bilang ng mga batang mula sa iba't ibang bansa na nag aaral sa mga mababang paaralan ng Osaka Fu.

Sa pagpasok sa mababang paaralan ng bansang Hapon ay maitatanong sa sarili ang mga sumusunod;

Magkaroon ka kaya ng mga kaibigan sa paaralan?"

Nakakaintindi at nakapagsasalita, o maalam ka ba ng wikang Hapon?"

Wala bang dapat ipag-alaala tungkol sa kaibahan ng kultura,kaugalian at relihiyon?"

Naniniwala akong malaki ang iyong pangamba.

Ang Patnubay na Aklat na ito ay ginawa upang gabayan kayo kung:

Paano gugugulin ang isang buong araw sa loob ng paaralan ng bansang Hapon.

Anu- ano ang mga aralin/asignatura (subject) na pag aaralan sa loob ng silid aralan

Ipinaliliwanag nito kung ano ang dapat ihanda bago mag-patala sa paaralan.

Kami ay magagalak kung ang aklat patnubay na ito ay makakatulong upang maibsan ang inyong mga pangamba sa pagpasok sa paaralan ng bansang Hapon.

# 1. Hinggil sa Sistema ng paaralan sa bansang Hapon

**Maaari bang pumasok sa paaralan ng bansang Hapon ang mga batang dayuhan?**
**Ilan taong gulang ang sapat na edad upang makapagsimulang mag aral sa paaralan?**

（1）Maaaring mag aral ang sinumang batang dayuhan sa paaralan ng bansang Hapon


（2）Sa bansang Hapon ay nagsisimulang mag aral ang bata　pag sapit ng ika anim na taong gulang (＊1 )hanggang ika labing limang taong gulang, at kinakailangang pumasok sa paaralan ng hanggang siyam na taon. Anim na taon ang mababang paaralan.

＊1　６ na taong gulang,Sa bansang Hapon, isang taon matapos isilang ay isang taong gulang. 6 na taon matapos isilang ay 6 na taong gulang.

（3）May mga **paaralang pampubliko** ( Bansa,Lunsod at Munisipalidad ang nagtatag nito)at mga **pribadong paaralan**( mga paaralan bukod sa pampublikong paaralan ). Hinggil sa pag aaral sa pampublikong paaralan, may regulasyong nagsasaad na ang isang bata ay itinalaga, at nararapat mag aral sa paaralan ng lugar ng kanyang tirahan.


（4）Mayroong mga Kindergarten at Day Care Center, maaaring mag aral dito bago pumasok sa mababang paaralan.

（5）Sa bansang Hapon ay nagsisimula ang taunang pag aaral (school year) sa buwan ng Abril at nagtatapos naman sa buwan ng Marso.
Ang mga ipinanganak ng Ika 2 ng Abril hanggang sa susunod na taon ng Ika 1 ng Abril ay nasa parehong baytang, at dahil dito ay maaring magkaroon ng kaibahan sa baytang ng paaralan sa inyong bansang pinagmulan. May taunang pag aaral na nahahati ng tatlong panahon at ito ay ang tatlong ( 3 ) semestre (trimester)( san gakki sei )at ang taunang pag aaral na nahahati naman sa dalawa ay tinatawag semestre ( semester)( ni gakki sei ).




※Ito ay inilathala 2005 ng Ministri ng Edukasyon,Kultura,Isports,Agham at Teknolohiya 「Aklat Patnubay para sa mga Dayuhan」

# Mapa ng Sistema sa Paaralan ng bansang Hapon




※Ito ay inilathala 2005 ng Ministri ng Edukasyon,Kultura,Isports,Agham at Teknolohiya 「Aklat Patnubay para sa mga Dayuhan」

# 2. Mga hakbang na dapat gawin bago makapasok sa mababang paaralan

**Ano ang dapat kung gawin upang makapasok sa mababang paaralan?**

(1) Ang proseso sa Kawanihan ng Imigrasyon at sa ahensya ng gobyerno

① **Pagkuha ng Katayuan ng Paninirahan (residence status)**

Pagdating sa Japan, at pagdaan sa proseso sa paliparan o daungan, ikaw ay kukuha ng inyong katayuan ng paninirahan.

Magbigay alam sa munisipyo (distrito) o sa pamahalaang bayan sa lugar na kinalalagyan sa loob ng 14 na araw.

Sa Japan, pagkasilang ng isang bata, magbigay alam sa minisipyo (distrito) o sa pamahalaang bayan na kinalalagyan at pagkatanggap ng kinakailangang dokyumento ay mayroong kayong 30 na araw upang gawin ang mga proseso sa Kawanihan ng Imigrasyon upang makuha ang katayuan ng paninirahan ng bata.

② **Pagbibigay alam at pagbibigay impormasyon hinggil sa pagpasok sa mababang paaralan.**

Para sa mga pamilyang mayroong anak na nasa wastong gulang upang mag aral sa mababang paaralan, sila ay makakatanggap ng pagbibigay alam pagsapit ng buwan ng Septyembre,na naglalaman mga impormasyon at kaalaman hinggil sa nalalapit na pasukan,Kung sakaling hindi kayo makatanggap nito ay maaari lamang na sumangguni sa inyong City Hall o dili kaya ay sa Munisipalidad ng inyong lugar hinggil dito.

③ **Pag alam sa papasukang paaralan. Alamin ang itinakdang Paaralan, Pangalan nito at lugar.**

（２）**Mga hakbang na gagawin upang makapasok sa paaralan**

① Tungkol sa pagpasok sa paaralan. Magkakaroon ng mga pagpapaliwanag hinggil dito pagsapit ng buwan ng Pebrero.

② Pag-uusap ng magulang/tagapag-alaga at ng guro. Bago pumasok sa paaralan,kayo ay personal na kakausapin ng gurong nakatalaga sa inyong anak o (teacher in charge), upang inyong ipagbigay-alam kung kailan kayo dumating sa bansang Hapon, hanggang kailan kayo nagbabalak tumira sa bansang Hapon, gaano kalalim ang kaalaman sa pagsasalita ng wikang Hapon, ano ang ginagamit na salita o lenguahe sa bahay atbp… Mangyari lamang na sagutin ninyo ang mga katanungang ito.

Mga taong tatawagan kung sakaling magkaroon ng agarang pangangailangan o emergency ( halimbawa: pangangailangan ng interpreter )maaaring tiyakin ang mga ito sa inyong pag uusap.

Tungkol sa isyu ng Kalusugan, Kultura ,Kaugalian sa pagkain, Relihiyon,at mga pangamba hinggil dito, huwag mag alinlangang ipagbigay-alam ang mga ito sa nakatalagang guro ng inyong anak.

# 3. Buhay Paaralan ( buhay paaralan sa elementary school )

**Paano ba ginugugol ang isang araw sa paaralan ng bansang Hapon?**


## （１）Ang daloy ng mga kaganapan sa paaralan sa loob ng buong maghapon.

●**Toko** ito ay ang pagpunta sa paaralan。 • • • • • • • • •



Nakatakda ang dapat na daan sa pag pasok at pag uwi. May mga paaralang sabay sabay ang mga mag aaral sa pag pasok, maaari lamang na tanungin ninyo ang pataka ran sa inyong paaralan.

● **Asa no Kai** • • • • • • • • • • • • • • • • • • •




Bago magsimula ang klase ay magbibigay galang at pagpapa hayag o pagpapabatid sa kanilang guro.

● **Shigyo jikan** ay oras ng pagsisimula ng klase

Kung mahuhuli o dili kaya'y hindi makakapasok dahil sa karamdaman atbp. Maaari lamang na ipag bigay alam sa inyong paaralan.


● **Jugyou jikan** ito ay oras ng pag aaral • • • • • • • •




Ang bawa't subject ay (halos 1 oras) 45 min.sa bawa't subject at mayroong 10 min. hanggang 20 min. pahinga o pagitan bago magsimula ang panibagong subject. Ang pagtuturo ng mga aralin ay(* 1 ) ay isinasagawang lahat ng adviser.

＊1 Tannin ( adviser ) bawa't klase ay may kanya kanyang adviser at Tannin ang tawag sa gurong ito.

●**Chu syoku** • • • Pagkain ng tanghalian • • • • • • • •



Halos lahat ng mababang paaralan sa Osaka Fu ay mayroong Kyushoku ( inihandang pagkain ng paaralan )ang mga bata ay mayroong kanya kanyang itinalagang araw sa pagbibigay pagkain ng pagkain at pagliligpit. ito ay tinatawag na 'kyushoku touban' sa gawaing ito, kinakailangan ng mga magbabahagi ng pagkain na magsuot ng apron at maglagay ng pantakip sa bibig at ilong.

● **Seisou** Paglilinis ・・・・・・・・・・・・・

Ang mga mag aaral ay kasama ng kanilang guro sa sa paglilinis ng kanilang silid-aralan,hagdanan,pasilyo at pati na rin ang palikuran.



● **Owari no kai**

Pagbabalik-tanaw sa mga nangyari sa buong maghapon sa loob ng paaralan. Pagbibigay alam sa mga gaganaping okasyon,at mamamahagi rin ng mga polyetos hinggil dito.

● **Houka go** o ang oras pagkatapos ng klase

Gakkodo hoiku ( * 2 ) maaari rin pumunta dito


● **Gekou** Pag uwi galing sa paaralan

Dumaan lamang sa mga kalsadang itinakda ng paaralan sa pag uwi ng bahay

＊２ Gakkodo hoiku ito ay pagkatapos ng klase sa ma babang paaralan,maaari ninyong iwan ang inyong anak sa itinakdang oras,Ito ay para sa mga magulang na gabi na kung umuwi galing sa trabaho.May mga lugar rin na wala ang serbisyong ito.May mga pinagba basehan ito tulad ng baytang ng bata,Makipag ugnayan lamang sa class adviser.

（2）**Ito ang Floor Plan ng loob ng paaralan.**

**Paano ba ang ayos ng loob ng paaralan?**



① **Kyoushitsu ( Silid Aralan o Classroom )** dito nag aaral ang mga bata o kaya ay kumakain ng pananghalian.

② **Syokuin shitsu ( Silid para sa mga Guro,Teacher's Office)** ito ang silid para sa mga guro

③ **Hoken shitsu ( Pampaaralang Klinika o School Clinic)** Dito ay maaaring sumadya ang estudyante sa tuwinang masama ang pakiramdam,kung saan siya maaaring bigyan ng lunas ng pampaaralang Nars (Nurse).

④ **Tosho shitsu ( Silid Aklatan o Library )** Naririto ang maraming aklat,maaaring magbasa dito sa itinakdang oras at maaari ring hiramin ang mga aklat at ibang babasahin dito.

⑤ **Sodan shitsu ( Silid ng Tagapayo o Guidance Office )** Mayroong tagapayo, o gurong nakatalaga upang pakinggan ang inyong mga suliranin.

⑥ **Rika shitsu ( Silid pang Agham o Science Room/ Laboratory )** dito ginagawa ang mga eksperimento ukol sa Agham, mayroong mga lamesa at kagamitan para dito.

⑦ **Zukou shitsu ( Silid pang Sining o Arts Room)** para sa pagpipinta at pagguhit, mayroong mga lamesa at kagamitan para sa mga gawaing ito.

⑧ **Kateika shitsu ( Silid ng Araling Pantahanan o Home Economics Room )** ito ay nagsisilbing kusina para sa pag aaral ng pagluluto, mayroon ding mga kagamitan para sa pag aaral ng pananahi.

⑨ **Onggaku shitsu ( Silid pang Musika o Music room )** ito ay naglalaman ng mga instrumentong pantugtog at mga kagamitan para sa pag aaral ng musika.

⑩ **Taiku kan ( Gusali ng Edukasyong Pangkatawan o Physical Education Building )** ito ay para sa panloob (indoor) na pagsasanay ng mga laro at edukasyong pangkatawan at kalusugan.

⑪ **Ground** para sa pag-eensayo ng gymnastics sa labas ng silid aralan, ( outdoor) dito rin nag titipon ang mga mag aaral.

## （３）Mga Guro sa paaralan

**Sino ang mga guro sa paaralan?**

- **Koucho sensei ( Principal )Ang ulo o ang kinatawan ng paaralan**
- **Kyoto sensei ( Asst. Principal )** Siya ay tumutulong sa mga gawain ng Principal,namamahala hinggil sa mga pag aaral at mga okasyon ng paaralan.
- **Kyosyokuin ( Guro )** Kyo (guro) syokuin (empleyado) ang salitang ito ay pinagsama kaya ito ay tinawag na Kyosyokuin.

Silang lahat ay pawang mga lisensyadong guro na naatasang magturo sa mga batang mag aaral. Ang salitang empleyado naman ay ginamit upang pangalagaan ang kaligtasan ng mga batang mag aaral, at higit sa lahat ay mabigyan ng wasto at mainam na kapaligiran para sa kanilang pag aaral.

## （４）Mga pag aaralang aralin/asignatura o subjects

**Ano ang pag aaralan sa elementary school?**

Ang mga aralin ay may iba’t ibang aralin/asignatura( subject) at ito ay kinapapalooban ng(1) kagandahangasal(values education),(2)natatanging gawain at pangkalahatang pag aaral o (general education).

| Mga subject | Mga nilalaman ( pagtuturo at pagpatnubay ng mga dapat pag aralan * 3 ito ay ibinase dito,at ito ay aming pinagsama at ipinaliwanag sa simpleng pamamaraan |
|---|---|
| Wikang Hapon | Salita（nihongo）ay 、husay sa pagsasalita、husay sa pandinig、husay sa pagsulat 、husay sa pagbabasa, ang lahat ng ito ay pinagyayaman. |
| Araling Panlipunan (Social Studies) | Pinag aaralan dito ang tungkol iba’t ibang lugar at industriya ng Bansang Hapon, heograpiya at kapaligiran,mga kasaysayan ng bansang Hapon,pulitika,kultura,at kaugnayan nito sa buong mundo. |
| Aritmetika (Arithmetic) | Pag aaral ng numero at pagbilang,pagkuwenta atbp. |
| Agham (Science) | Pag aaral hinggil sa biyolohiya (biology) at kapaligiran,mga bagay (matter) at enerhiya ( energy),ng mundo planeta (planets)at kalawakan atbp. |
| Pamumuhay (Daily Living) | Ang layunin nito ay upang matutong makipag ugnayan sa mga taong malapit sa kanya at lipunan.Magkaroon ng interes sa paligid at kalikasan. Inihahanda ang bata upang magkaroon ng lakas para sa wastong pag iisip ( para sa grade 1 at grade 2 lamang ). |
| Musika ( Music) | Pag aaral ng pagpapahayg ng sarili sa pamamagitan ng musika at kung paano mapahahalagahan ito. |
| Katha at Sining ( Arts) | Pagpinta at pagguhit,pag likha ng mga bagay na pagmumulan ng tuwa pag katapos malikha ang mga ito. |
| Araling Pantahanan (Home Economics) | Damit,pagkain,tirahan atbp. dito ay magkakaroon ng mahalagang kaalaman hinggil sa pang araw araw na pamumuhay. |
| Edukasyong Pangkatawan (Physical Education) | Pagtuturo ng tamang paggamit ng bola,mga kagamitan at bagay sa pag hehersisyo at paglalaro ito ay para sa kalusugan ng katawan,pagtuturo sa paglangoy,mayroong swimming pag summer. |
| Kagandahang Asal ( Values Education) | Itinuturo ang pag-iisip tungkol sa kanyang sarili,pakikipag ugnayan sa ibang tao, sa paligid at kalikasan,kung paano makipag ugnayan sa lipunan. |
| Mga natatanging gawain | Mga gawain sa klase,mga gawain ng samahang mag aaral,mga gawain ng mga organisasyon, samahan o grupo .Mga okasyon sa paaralan,Sila ay sinasanay sa mga gawain ng isang samahan upang sila ay matutong makibahagi o magkaroon ng partisipasyon sa isang samahan. |
| Oras para sa panglahatang pag aaral | Paghanap ng mga aralin,pag aralan ito at pag isipan,sila ay sinasanay upang magkaroon ng sapat na lakas upang mabigyan nila ng tamang kasagutan ang mga katanungan at problema ng aralin. Ang mga nilalaman ng mga aralin ay ibinibigay ng bawa’t paaralan. |

＊ ３Ang kurikulum at nilalaman ng pagtuturo at paggabay ay ibinatay sa mga pamantayang ibinigay ng Ministiri ng Edukasyon,Kultura,Isports, Agham at Teknolohiya.

## （5）Mga okasyon sa loob ng isang taon.

**Ano ang mga okasyon sa loob ng isang taon?**

◆**1 Gakki ( unang semestre ) Abril hanggang Hulyo**

① **Pagbubukas ng klase ( Shigyo shiki )** Ito ay isang seremonyas  bago simulan ang semestre.

② **Pasukan ( Nyugaku shiki )**Ang seremonyang ito ay pag salubong at papuri sa mga estudyanteng mag aaral sa loob ng isang taon.

③ **Pagsuri ng kalusugan ( Kenkou shindan )** Mayroong Doktor na magsasadya sa paaralan upang suriin ang kalusugan ng bawa't mag aaral.

④ **Pagsukat ng katawan ( Shintai keisoku )** Pagsukat ng taas at timbang ng katawan atbp.

⑤ **Pagdalaw sa bahay ( Katei houmon )**Ang tannin o  class adviser ng bata ay dadalaw sa bahay nito upang kausapin ang magulang,tagapag alaga ng bata tungkol sa pamumuhay ng bata sa kanilang tahanan.

⑥ **Mga pag-aaral sa labas ng paaralan (Kougai gakusyuu)** Pag aaral na isinasagawa sa labas ng paaralan,kung saan  sinusuri at tinutuklas naman ang kalikasan,kasaysayan at kultura ng bansa.

⑦ **Pagsali ng magulang/tagapag-alaga sa pag aaral ( Jyugyou sankan )** Ang magulang/tagapag-alaga ay inaanyayahan na pumunta sa paaralan upang kanilang makita at malaman ang mga nangyayari sa loob ng silid-aralan habang nag-aaral ang mga bata.

⑧ **Impormal na talakayan ng magulang/tagapag-alaga at class adviser. ( Kondan kai )** Dito ay mag sasadya ang magulang sa paaralan upang talakayin at magpalitan ng kaalaman ang magulang/tagapag alaga at class adviser tungkol sa pag aaral ng bata at ang mga ipinapakita nito sa loob ng bahay.

⑨ **Pagtatapos ( Syuryou shiki )** Ito ay ginaganap sa katapusan ng semestre, at kung saan ipinaaalam sa mga  magulang/tagapag-alaga ang tungkol sa pagaaral at sitwasyon ng bata sa paaralan, sa pamamagitan ng report card,「Tsuuchi hyou」「Ayumi」atbp.nag kakaiba ang tawag dito ng bawa't paaralan na kanilang tatanggapin mula sa kanilang class adviser.

※ Ikalawa at ika tatlong semestre ay mayroon din Opening at Closing ceremony, sa ( ika tatlong semestre )ay mayroong Closing ceremony.

◆ **Bakasyon sa tag araw o Summer ( huling linggo ng Hulyo hanggang huling linggo ng Agosto ) ito ay halos apatnapung(40) araw na bakasyon.**

May mga paaralan ding mayroon pasok tuwing tag init, o summer,May mga paaralan ding maaaring gamitin ang swimming pool sa panahong ito.

◆ Ika 2 semestre ( Septyembre hanggang Disyembre )

① **Atletikong pagpupulong( Athletics Meet)** Ito ay masayang okasyon para sa pag lalaro at paligsahan, tulad ng paligsahan sa pagtakbo,(relay) pagsayaw, pagbibigay suporta sa mga kaibigan at ka magaral ( cheering).May mga paaralan din maaaring dumalo at sumali ang mga magulang/tagapag-alaga upang makibahagi sa okasyong ito.

② **Makabuluhang paglalakbay( Educational Trip)** Ito ay para sa mga mag-aaral na nasa ika 6 na baytang ,Silang lahat ay mananatili ng isang gabi na napiling lugar na pasyalan o paroroonan. Ito ay kadalasang ginaganap tuwing ika 2 semestre. Ang mga magulang/tagapag-alaga ang siyang nagbabayad para sa school excursion fee or tour fee ng mga mag-aaral.

③ **Palatuntunang pang kultura ( Cultural Program)** Ito ay ginagawa upang mabigyan ng pagkakataon na maipakita at maipakilala ang mga ginawang proyekto at reports tungkol sa mga pinag-aralan sa klase.mayroon ding sa pamamagitan ng pagtugtog,pag-arte pagsasayaw atbp.Ito ay masaya at nakakaaliw na okasyon na maaaring daluhan at mapanood ng mga kapwa mag-aaral magulang/tagapag-alaga.

◆ **Bakasyon sa tag lamig o Winter ( huling linggo ng Disyembre hanggang unang linggo ng Enero )** Ito ay umaabot ng halos dalawang linggong bakasyon.

◆ **Ika 3 semestre ( Enero hanggang Marso )**

① **Okasyon para sa Pagtatapos** Ito ay pagtatapos ng mga estudyanteng nasa ika 6 na baytang,kung saan isinasagawa ang pag aabot ng diploma at pag bibigay ng papuri sa mga nagtapos, maaari dumalo ang mga magulang/tagapag-alaga sa okasyong ito.

◆ **Bakasyon sa tagsibol o Spring( huling linggo ng Marso hanggang unang linggo ng Abril)**

Pagkatapos ng bakasyong ito ay magsisimulang muli ang pagpasok sa paaralan, at ang mga mag-aaral ay magiging bahagi ng panibago at mas mataas na baytang. Sa Abril magsisimula ang panibagong baytang at panibagong aralin.

## (６) Mga regulasyon sa loob ng paaralan.

**Ano ang mga at regulasyon sa paaralan?**

① **Hinggil sa oras**

Nararapat sundin ang itinakdang oras sa pagpasok sa paaralan,Hindi dapat mahuli ang mag-aaral bago magsimula ang klase, Dapat lamang na pumunta sa itinakdang silid aralan.

② **Hinggil sa mga dala dalang kagamitan.**

Bawal dalhin ang mga gamit na hindi kailangan sa pag aaaral.

Lagyan ng pangalan ang sariling kagamitan.

③ **Hinggil sa kasuotan at sapatos.**

Dapat ihanda ang mga kasuotan at sapatos na isinasaad dito.

**＜Kasuotan＞**

- 「school uniform」( normal na kasuotan) pamasok、kasuotan habang nag aaral、ang mga ito ay pawang mga itinakdang kasuotan.
- 「P.E. uniform」 「gymnastics」ito ay kasuotang ginagamit upang makakilos ng mabuti at maalwan tuwing Edukasyong Pangkalusugan

- 「Damit panlangoy」( swimming attire)「pampaligong sumbrero」 ( swimming cap)kailangan para sa paglangoy sa swimming pool
- Apron, takip sa bibig(mask),sumbrero(cap)ay kakailanganin gamitin tuwing nakatalaga sa paghahanda at pagbibigay ng pagkain.

＜Sapatos＞

- Sapatos gamit sa loob ng paaralan（panloob na sapatos）(indoor shoes)ito ay gingamit sa pag pasok sa loob ng silid aralan.at ito ay para sa loob ng paaralan lamang.
- 「Sapatos gamit sa gymnasium」 Ang sapatos na ito ay ginagamit lamang sa loob ng gymnasium。

＊Bawa't paaralan ay may sari-sariling regulasyon hinggil dito,mangyari lamang na tanungin ang mga kinauukulan ng bawa't paaralan upang malaman ang mga ito.

**④ Make-up, palamuti at pag kulay ng buhok**

Sa mga paaralan ng bansang Hapon ay mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusuot ng hikaw at mga palamuti o accessories, may regulasyon din na ipinagbabawal ang pagkukulay ng buhok.

# ４. Hinggil sa Matrikula

kailangan bang magbayad ng matrikula?

Para sa pampublikong paaralan ng Elementarya at Junior High School ang matrikula at mga libro ay walang bayad.

Subalit, ang mga sumusunod ay kailangang bayaran,

Ito ay ipinaliliwanag ng mga paaralan upang ipag bigay alam sa mga magulang/tagapag-alaga ang tungkol dito.

① Pagkain

Para sa mga paaralang mayroong ibinibigay na pagkain ay kailangan.（3,500 yen～4,000 yen na buwanang bayad）

Para sa mga paaralang walang inihahandang pagkain,Ang mga mag-aaral ay hindi na kailangan pang magbayad para dito,kung kaya't dapat magdala o magbaon ng pagkain ang mga mag-aaral tuwing papasok sa paaralan.

② Paghuhulog ng pera upang makaipon para sa mga aralin sa labas ng paaralan,makabuluhang pamamasyal ( field trip,),ekskursyun.

③ Mga kailangan sa paaralan

Wikang Hapon → mga gamit sa Kaligrapiya o Calligraphy

Musika→key board harmonica, recorder

Likha at Sining→watercolor, crayola, pastel atbp.

Araling Pantahanan→gamit sa pananahi

Atbp→mga ibang gamit sa pag aaral（question sheets、workbook、materials etc.）



※ Lugar ng pamilihan（tindahan）maaaring may mga itinakdang pamilihan para dito.

④ ATBP.
ＰＴＡ membership fee, class reunion fee, insurance fee, bayad sa uniporme, mayroong iba't ibang babayarin na kailangang bayaran.

# ５. Mga kailangang ihanda



## （１）Mga kailangang ihanda bago pumasok

- School uniform ( istandard na uniporme ng paaralan )Tag init . Tag lamig
  May mga paaralang mayroon at wala nito。
- Randusel ( maliit na backpack) bag upang lagyan ng libro,notebook(ito ay inilalagay sa likuran ito ang bag na ginagamit ng mga bata sa mababang paaralan
- Sapatos na ginagamit sa loob ng paaralan。





## （2）Mga kadalasang ginagamit sa paaralan



● mga gamit saiyong paligid at mga kagamitang madalas na ginagamit.

| | | |
|---|---|---|
| Kahon na paglalagyan ng gamit |  | Ito ay inyong pansariling kahon upang lagyan ng guntiing, pandikit atbp. |
| Lapis . pambura |  | Ang lapis ay gingamit na pangsulat at ang pambura naman ay para burahin ang maling naisulat. |
| Pencil case |  | Dito inilalagay ang mga gamit sa pagsulat. |



● oras para sa pambansang wika

| | | |
|---|---|---|
| Mga gamit sa pag aaral ng Kaligrapiya ( Calligraphy) |  | Pag gamit ng brush sa pagsasanay sumulat ng mga titik sa maayos na paraan. |



● oras para sa aritmetika

| | | |
|---|---|---|
| Ruler |  | Pagsukat ng haba,nagsisilbing giya o guide sa paggawa ng tuwid na linya. |
| Triangle ruler |  | Pagsukat ng angulo,banghay at hugis. |
| compass |  | Ito ay ginagamit sa pag guhit ng bilog. |
| Protractor |  | Ito ay ginagamit sa pag sukat ng angulo |



- oras para sa musika

| | | |
|---|---|---|
| Harmonica o silindro |  | Ang instrumentong ito ay pinatutugtug sa pamamagitan ng pag ihip nito.Ginagamit ito ng mga nasa mababang baitang ng elementary school. |
| castanet |  | Ito ay instrumentong ginagamit upang pag aralan ang indayog o ritmo ng musika.Ito ay isinusuot sa kamay at pinatatama sa isa't isa upang gumawa ng tunog. |
| Key board harmonica |  | Ito ay para pag-aralan ang hanay ng teklado, madaling pag aralan ang mga teklado nito,kailangang magsanay sa pag papatugtug nito. |
| Recorder |  | Ito ay parang pipa na hinihipan upang patugtugin,may mga butas ito upang takpan ng inyong mga daliri,kailangang magsanay sa pagpapatunog nito. |


- oras para sa katha at sining

| | | | |
|---|---|---|---|
| Gunting |  | Pandikit o paste |  |
| Cellophane tape |  | Crayola |  |
| May kulay na lapis |  | Colored paints brush, watercolor |  |
| Luwad (clay) handicraft board | | Mga kagamitang pang ukit |  |

● Oras para sa Edukasyong Pangkatawan

| | | |
|---|---|---|
| Skipping rope |  | Ito ay ginagamit sa pagsasanay tumalon gamit ang lubid. |
| P.E. uniform mayroong pang tag-init( summer) at pang taglamig ( winter ) |  | Ito ay ginagamit sa pag aaral ng physical education, Ang pang summer ay may maikling manggas at ang pang ibaba ay short pants. Ang pang winter naman ay mahaba ang manggas at pantalon na gawa sa jersey. |
| Sumbrero |  | Ito ay isinusuot tuwing gymnastics Ito ay ang kulay pula at puting sumbrero 。 |
| Sapatos gamit sa gymnasium |  | Ito ang sapatos na ginagamit sa loob ng gymnasium. |
| Damit panlangoy at sumbrerong panlangoy |  | Kailangan ang plastic na may hawakan upang paglagyan ng damit panlangoy at tuwalya. |

● Pagkain sa Tanghalian

| | | |
|---|---|---|
| chopsticks |  | Ito ay ginagamit sa pagkain ng tanghalian sa paaralan o kaya'y baong lunch box。 |
| Sepilyo at baso |  | Magdala ng sariling baso at sepilyo,maaaring mag sepilyo ang lahat pagkatapos kumain。 |

Patnubay na Aklat para sa Paghahanda sa Pagpasok sa Mababang Paaralan

Disyembre 2007 nilathala

◆Lupon ng Edukasyon ng Osaka Fu at mga Municipalidad,Silid aralan , Pagtataguyod sa mga batang mag aaral.

◆「Suporta para sa mga Balikbayan, Mga batang dayuhan at magulang bago pumasok sa mababang paaralan.」
Pinangasiwaan ng Osaka YWCA Foundation

Ang Osaka Fu ay「pagbuong muli ng puso」pagtaguyod sa kilusang mamamayan.Salitang pagmamahal purihin,tumawa,pagalitan」